Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-11 NG HULYO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 74-2022**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - KGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG SI GNG. NICANORA TERESA "RHEEZA" SANTIAGO HERNANDEZ, NG BARANGAY CANALATE, MANLILIKHANG-BAYANI NG SINING NG PUNI AT TAGAPAGTAGUYOD NG PAMANANG KALUTO NG LUNGSOD NG MALOLOS.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG.VICTORINO M. ALDABA III,KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** si Gng. Nicanora Teresa "Rheeza" Santiago Hernandez, ng Barangay Canalate (tubong Barangay Sto. Rosario) Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, ay sumakabilang buhay noong ika-05 ng Hulyo, 2022;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagyao ay malaking kawalan hindi lamang sa kaniyang pamilya at mga kaanak, ngunit pati na rin sa buong mamamayan ng Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** kaniyang itinaguyod at sinaliksik ang mga pamanang kaluto/pagkain ng Malolos, kabilang dito ang "Gurgurya", ang paboritong himagas ni Dr. Jose P. Rizal at ang kinilalang pamanang tradisyunal na kaluto ng kanilang pamilya na "Hamon Bulakenya";

**SAPAGKAT,** itinaguyod at itinuloy niya ang nawawala ng sining ng "Puni" o' sining ng "Leaf-weaving" gamit ang pinapatuyong dahon ng niyog;

**SAPAGKAT,** dahil sa kaniyang kakayahan at *world-class* na talento sa sining ng puni at taglay na husay sa sining ng kaluto, ay kaniyang kinatawan ang ating bansa sa prestihiyosong Smithsonian Museum's Folk life Festival noong 1988 sa Washington, D.C.;

**SAPAGKAT,** noong 2006 ay kaniya ring kinatawan ang ating bansa sa ginanap na ASEAN-ROK Workshop and Exhibition of Traditional Artifacts sa Yangon, Myanmar;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** isa siya sa *resource person* sa ASEAN Caravan: The ASEAN Small and Medium-sized Cultural Enterprises Project 2018 na ginanap sa ating bansa;

**SAPAGKAT,** noong nakaraang taon, siya ay binigyan ng pagkilala ng ambasador ng ating embajada sa Madrid,Spain nang siya ay naging tagapagsalita sa ginanap na El Mes Filipino 2021;

**SAPAGKAT,** siya rin ay isang *production manager*, *event coordinator*, *program facilitator*, *stage performer*, *tour guide* at isa rin sa kaniyang adbokasiya ang pagpapanatili at preserbasyon ng mga historikal na bahay at istraktura ng lungsod;

**SAPAGKAT,** bilang bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay marapat nating iparamdam at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alaala sa isang alagad ng sining, na nagkintal at nagparamdam ng makabuluhan at dakilang pagmamahal sa ating lungsod;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni **Kgg. John Vincent G. Vitug III** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang marubdob na pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Christian D. Natividad at ang bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto T. Bautista sa naulilang pamilya at mga kaanak ng yumaong si Gng. Nicanora Teresa "Rheeza" Santiago Hernandez, ng Barangay Canalate, manlilikhang-bayani ng sining ng Puni at tagapagtaguyod ng pamanang kaluto ng Lungsod ng Malolos.

**PINAGTIBAY.**

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**<br>KASANGGUNI | **KGG. VICTORINO M. ALDABA III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*07112022